



ANG PAGPAPAHALAGA SA KAALAMAN AT PAGTUTURO

Ginawa ng Allah ang kaalaman na isang importanteng katangian ng kanyang bawat propeta at mensahero, na kung saan sila ang nagturo sa kanilang mga nasyon. Sa matayog na kapaligiran na ito ay nailunsad ang kaalaman at pagtuturo. Sa pamamagitan nito, ang mga muslim ay nakapag-ambag ng marami sa sibilisasyon. Tulad na lamang ni Ibn Sina sa medisina, si Beironi sa matimatika, Ibn Battuta sa heyograpiya, at Jabir Ibn Hayan sa kimika(chemistry).

ANG PAGPAPAHALAGA SA KAALAMAN AT PAGTUTURO

Linikha ng Allah ang tao at binigyan ito ng mga nilalang para mamuhay sa mundo ng may kabutihan. Tinuruan siya ng mga bagay na hindi niya nalalaman, at ipinagutos sa kanya ang pagbabasa, pag-aaral at pag-intindi. Ang Allah ay nagwika:

(Bigkasin mo! Sa Pangalan ng iyong panginoon na Bukod-Tanging Tagapaglikha,* Na Siya ang lumikha ng lahat ng tao mula sa namumuong dugo na malapot*Bigkasin mo, At katiyakan, ang iyong panginoon ay sagana sa kabutihan at malawak ang Kagandahang-loob,* Na Siya ang nagturo sa Kanyang nilikha ng pagsusulat sa pamamagitan ng panulat* Na tinuruan Niya ang tao ng bagay na hindi nito alam) –Al Alaq:1-5

Ginawa ng Allah ang kaalaman na isang importanteng katangian ng kanyang bawat propeta at mensahero, na kung saan sila ang nagturo sa kanilang mga nasyon. Tulad ni Propeta Ibraheem(AS) na kanyang sinabi sa kanyang ama: (“O aking ama! Katiyakan, pinagkalooban ako ng kaalaman na hindi ipinagkaloob sa



iyong, na kung kaya, sundin mo ako, dahil ginagabayan kita tungo sa Matuwid na Landas.) –Maryam:43

Ang mensahe ni Propeta Yusuf(AS): (yaon ang itinuro sa'kin ng aking panginoon) –Yusuf:37. At isa sa layunin ng pagpapadala sa Propeta(SAWS) ay ang magsilbing guro, ang Allah ay nagwika: (at tinuturuan sila ng aklat) –Ali Imran:164

Ang Propeta Muhammad(SAWS) ay ang pinakamahusay na guro at kanyang pinapahalagahan ang pagtuturo sa mga kabataan. Kanyang sinabi kay Ibn Abbas(RA): “O bata! Tuturuan kita ng mga salita, isaisip mo ang Allah, at ang Allah ay popropektahan ka.” –Attirmidhi:2516

Tinuturuan din ng Propeta(SAWS) ang mga nasa sapat na gulang, si Safwan bin Assal(RA) ay nagsabi: tumungo ako sa Propeta (SAWS) habang siya ay nagpapahinga sa masjid, aking sinabi: O mensahero ng Allah, ako ay pumarito para magsaliksik ng kaalaman. Siya’y sumagot: “malugod kitang tinatanggap o tagapagsaliksik ng kaalaman” –Tabarani:Alkabeer:64

May pagtuturo din sa mga kababaihan; tulad ng naiulat ni Saeed Al Khidri(RA), kanyang sinabi: isang babae ang dumating sa mensahero ng Allah at kanyang sinabi: O mensahero ng Allah, karamihan sa iyong oras ng pagtuturo ay napupunta sa mga kalalakihan, magbigay po kayo ng araw na matututo kami dito mula sa mga kaalamang naibigay sa’yo ng Allah. Ang Propeta(SAWS) ay nagwika: “kayo’y magtipon-tipon sa araw na ganito at sa lugar na ganito” ...kanilang ginawa nga ito, at dumating ang Propeta sa kanila at sila’y tinuruan – Bukhari:7310

Sa matayog na kapaligiran na ito ay nailunsad ang kaalaman at pagtuturo. Sa pamamagitan nito, ang mga muslim ay nakapag-ambag ng marami sa sibilisasyon. Tulad na lamang ni Ibn Sina sa medisina, si Beironi sa matimatika, Ibn Battuta sa heyograpiya, Jabir Ibn Hayan sa kimika(chemistry), Ibn Khuldoon



sa kasaysayan at agham panlipunan at Abbas Ibn Fernas sa Agham panghimpapawid. Ganun din ang mga iskolar na nag-ambag sa kaalamang Qur'an at Hadith, pati na rin sa batas at sharia; tulad nina Imam Abu Hanifa Al Numan, Malik Ibn Annas, Al Shaffi, Ahmed Ibn Hanbal, Al Bukhari, Muslim, Al Qorttobi, Ibn Kathir at marami pang iba na kung saan ay malaki ang naging epekto nila sa pagsisilbi sa agham, sibilisasyon at sangkatauhan.

Sa pagdaan ng panahon ay umusbong ang pagbibigay halaga sa pagpapaunlad ng pamamaraan ng pagsasaliksik ng kaalaman sa mga regular na paaralan na kung saan ito ang maghahanda sa mga henerasyon at magsasanay sa kanila na madala ang responsibilidad ng pagtatayo ng kinabukasan at pagpapaunlad ng mga nagawang sibilisasyon.